Republic of the Philippines
# Department of Education

JUL 24 2008

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 343 , s. 2008

## PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika ng Mindanao State University-Iligan Institute of Technology (MSU-IIT), Iligan City, ay magdaraos ng **Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino** sa Setyembre 25-27, 2008 sa MSU-IIT Mini Theater. Ang tema ng seminar-worksyap ay *"Teorya at Praktika sa Pagtuturo ng Wika at Literatura"*.

2. Ang layuning panlahat ng seminar-worksyap ay mailipat sa mga titser sa larangan ng edukasyon ang kaalaman sa mga teorya sa pagtuturo ng Filipino at literatura at ang aplikasyon ng mga ito sa aktwal na pagtuturo.

3. Ang mga inaanyayahang dadalo ay ang mga titser, superbisor, instraktor, propesor, at mag-aaral sa Filipino.

4. Ang butaw ay Tatlong Libong Piso (PhP3,000) para sa rehistrasyon, seminar kit, mga sertipiko at handawt, tatlong pananghalian at anim na isnak, at sa lakbay-dalaw sa Ma. Cristina Falls, Macapagal Museum, Iligan City Hall, at iba pang lugar sa Iligan City.

5. Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan kay Dr. Marie Joy D. Banawa, Tserman, Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, MSU-IIT, Iligan City, sa pamamagitan ng sulat o sa telepono bilang (063) 221-4050 lokal 146, (063) 225-0090 (sa gabi lamang) o cellphone bilang 0927-5996724.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**RAMON C. BACANI**
Undersecretary

Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

TEACHERS SEMINARS WORKSHOPS

Madel/Sally:c:Pambansang Seminar sa Filipino MSU-IIT
7-15-08